



PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG
SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG
MARSO 28, 1996, SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG
BAYAN

DUMALO:

Kgg. Andres C. Cruz, Jr.	-	ABC President Pansamantalang Tagapamatnugot
Kgg. George Ricardo R. Gacula II	-	Konsehal
Kgg. Nathaniel C. Aguilar	-	"
Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr.	-	"
Kgg. Ernesto G. Policarpio	-	"
Kgg. Anastacio V. Alcantara	-	"
Kgg. Randy S. San Juan	-	"
Kgg. Janet D. de Leon	-	SK President

DI DUMALO:

Kgg. Benjamin L. Esguerra, Jr.	-	Pang. Punong Bayan
Kgg. Alfredo S. de Leon	-	Konsehal
Kgg. Noel Ireneo E. Reyes	-	"

KAUTUSAN BILANG 6

KAUTUSANG MAHIGPIT NA NAG-TATAKDA
SA LAHAT NG MGA MAY-ARI NA NAG-
TITINGI, NAG-BIBILI O' NAG-DADALA NG
TUBIG SA MGA TAO, BAHAY-BAHAY O'
MGA ESTABLISIMIENTO NA MAPASA-
ILALIM O' DUMAAN MUNA SA MASUSING
PAG-SUSURI NG MUNICIPAL HEALTH
OFFICE, ANG MGA TUBIG NA KANILANG
IPINAG-BIBILI UPANG MASIGURO ANG
KALINISAN NITO, PARTIKULAR ANG
MGA TUBIG NA INI-INOM NG MGA TAO,
GAYUNDIN SA LAHAT NG NAIS MAG-
PATAYO O' MAG-PAGAWA NG KOMERSIYAL
NA POSO.

SANG-AYON sa kapangyarihan na ipinag-kaloob sa mga Sangguniang Bayan ng "Local Government Code of 1991", ang Sangguniang Bayan ng Taytay, Rizal, na nag-pupulong ay nag-uutos, NA:

Seccion 1 - Mahigpit na ipinag-uutos sa lahat ng mga may-ari na nag-bibili, nag-titingi o' nag-dadala ng tubig sa mga tao, bahay-bahay o' mga establisimiento na mapasa-ilalim o' dumaan muna sa isang masusing pag-susuri ng Municipal Health Office ang mga tubig na kanilang ipinag-bibili upang masiguro ang kalinisan nito, partikular and tubig na iniinom ng mga tao;

Seccion 2 - Ang mga sumusunod na alituntunin ang siyang ipatutupad ng Ordinansang ito gaya ng:

- 2.1 Masusing pag-susuri sa mga tubig, partikular ang lugar na pinang-gagalingan nito, bago pahintulutan ang sino man na mag-bibili nito.
- 2.2 Kailangan na malayo ng may mga 80 metros sa lugar ng sementeryo o' tapunan ng mga basura ang sino man na nais mag-tayo ng komersiyal na Poso.
- 2.3 Kailangan na mag-palipas muna ng mga sampung taon (10) bago pahintulutan ang sino man na nais mag-tayo ng komersiyal na Poso sa dating lugar ng sementeryo.
- 2.4 Kailangan na malayo ng may mga 50 metros ang sino man na nais mag-tayo ng komersiyal na Poso sa mga pribadong may-ari ng nakatayo ng Poso.
- 2.5 Kailangan na dapat pumasa muna sa pag-susuri ng Municipal Health Office ang mga tubig na ipinag-bibili bago ito pag-kalooban ng sertipiko at lisensiya para makapag-bili ng tubig sa mga tao.
- 2.6 Kailangan din na kumuha muna ng permiso sa pag-gawa ang sino man na nais mag-tayo nito upang masiguro ang tamang lugar na pag-tatayuan nito.
- 2.7 Ang kaukulang bayad sa pag-tatayo ng komersiyal na Poso ay P500.00 at 100.00 para buwanang pag-susuri ng tubig.

Jan -

Seccion 3 - Ang sino man sa mga ito na mahuli at mapatunayang lumabag sa Kautusang ito o' alin man sa kauri nito ay papatawan ng multang hindi tataas sa halagang DALAWANG LIBO at LIMANG DAAN PISO (P2,500.00) o' pag-kapiit o' pag-kakulong ng hindi tataas sa ANIM NA BUWAN (6) o' sabay na kaparusahan sang-ayon sa Kapasiyahan ng Hukuman.

Seccion 4 - Ang alin man sa Kautusan na nasasalungat at di naa-ayon sa Kautusang ito o' kauri nito ay pina-wawalang bisa o' kabuluhan;

Seccion 5 - Ang Kautusang ito ay mag-kakabisa matapos na mapag-tibay;

PINAGTIBAY, ngayong ika-21 ng Marso, 1996, dito sa Session Hall, Gusaling Pamahalaan, Taytay, Rizal.

ORIGINAL SIGNED


ANDRES C. CRUZ, JR.

ABC President

Pansamantalang Tagapamatnugot

PINATOTOO:

ORIGINAL SIGNED

ABGD. EDWIN P. CRUZ 
Kalihim - Sanggunian Bayan

PINAGTIBAY:

ORIGINAL SIGNED

GODOFREDO C. VALERA

Punong Bayan